



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 32 Serye 2020

KAUTUSANG NAGPAPATIBAY SA PAGDEDEKLARA NG "LOCALIZED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE" SA CATTLEYA STREET, PUROK LIBO, BARANGAY SAN NICOLAS, SA BAYAN NG BULAKAN, MULA IKA-12:00 NG TANGHALI NG HULYO 18 HANGGANG IKA-12:00 NG TANGHALI NG HULYO 30, 2020.

SAPAGKAT, ayon sa 7.4. of Operational Guidelines on the Application of the Zoning Containment Strategy in the Localization of the National Action Plan, Memorandum na inilabas ng National Task Force Against COVID-19 noong Hunyo 15, 2020, ang Punong Bayan ay may awtoridad upang matukoy at maideklara ang zoning classification at lockdown depende sa mga naitukoy na pamamaraan o panuntunan;

SAPAGKAT, noong Hulyo 15, 2020 ay inilabas ng Pamahalaang Bayan ng Bulakan ang pinagtibay na Kautusang Pang-Ehekutibo Blg. 30 na nagtatakda ng mga panuntunan hinggil sa klasipikasyon at pagdedeklara ng pagsasara ng isang lugar sa loob ng bayan;

SAPAGKAT, batay sa Tuntunin 2 ng Kautusang Pang-Ehekutibo Blg. 30 Serye 2020 ang isang barangay ay kailangang pumapaloob sa klasipikasyong Critical Zone (CrZ), may clustering of cases at ito ay napatunayan sa Barangay San Nicolas partikular sa Cattleya Street at Purok Libo na nagkaroon ng apat (4) na bagong kaso ng COVID-19 at Labing Pito (17) ang suspected cases na base sa deklarasyon ng Municipal Health Office, ito ay High Probability of COVID-19 Local Transmission;

SAPAGKAT, ang mga sumusunod na datos ay nakalap bilang batayan sa atas na ito:

- Total Population Barangay San Nicolas : 6429
 - Cattleya Street : 289
 - Purok Libo : 2,596
- Syndromic Surveillance :
 - Positive Cases at Cattleya Street : 4
 - Suspect : Active : 17
- Number of Barangay have in-part in 500 meter radius : Barangay Pitpitan, Balubad Tibig, Maysantol & San Francisco
- COVID Task Force Organized : Executive Order
- Quarantine Facility : Gen. Gregorio Del Pilar Integrated School
- Spot Map of Cases : 500 meter radius (CrZ, CZ & BZ)

SAPAGKAT, batay sa mga nasabing guidelines, ang apat na zoning classifications, Critical Zone, Containment Zone, Buffer Zone at Areas Outside Buffer Zone ay kailangang ikonsidera ng pamahalaan para sa agaran at mas epektibong pagtugon sa paglaban sa COVID 19;

KUNG KAYA, AKO, SI VERGEL C. MENESES, Punong Bayan ng Bulakan, Bulacan, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin ng Batas, ay nagtatakda ng mga sumusunod na Kautusan:

TUNTUNIN 1. PAGTATALAGA NG LOCALIZED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE (LECQ). Ang sumusunod na lugar ay sasailalim sa Localized Enhanced Community Quarantine (LECQ):

BARANGAY	Operational Framework for LECQ Transition Legend	IATF LGU Bulakan Classification Modified Community Quarantine (MGCQ)
Barangay San Nicolas CATTLEYA STREET	Critical Zone (CrZ) Extremely Restrictive Perimeter Control	ECQ
PUROK LIBO, Barangay San Nicolas Adjacent to CrZ (Cattleya Street, Barangay San Nicolas)	Containment Zone (CZ) Stringent Perimeter Control	MECQ
Part/Barangay Boundary of Pitpitan, Balubad, Maysantol, Tibig and San Francisco Adjacent to CZ (Barangay San Nicolas)	Buffer Zone (BZ)	GCQ
Barangay Taliptip, Perez, Bambang, Sta. Ines, Sta. Ana, Bagumbayan, San Jose and Matungao	Areas Outside Buffer Zone (OBZ)	MGCQ

TUNTUNIN 2. PANUNTUNAN SA CRITICAL ZONE (CrZ). Sa pagdeklara ng bahaging nasa critical zone, ang **Cattleya Street ng Barangay San Nicolas** ay marapat isagawa ang mga sumusunod:

- 2.1. Isaayos ng Control-Point sa nasasakop na lugar sa loob ng 24 oras (paglalagay ng mga pananda sa sakop ng LECQ);
- 2.2. Isagawa ang Investigation and Contact Tracing sa mga apektadong mamamayan sa loob ng 24 oras;
- 2.3. Ipatupad ang mandatory quarantine/isolation and testing/treatment sa positibo at taong nakasalamuha ng nagpositibo sa COVID-19;
- 2.4. Magsagawa ng disinfection activity sa nasasakop na lugar;
- 2.5. Sundin ang **public health standards** kagaya ng pagsuot ng face mask at pagpapanatili ng physical distancing, at palagiang paghuhugas ng kamay;

- 2.6. Pagpapaabot ng ayuda sa nagpositibo at sumasailalim sa testing;
- 2.7. Pag-isyu ng bagong market pass sa pamilyang nasa CrZ valid until July 30, 2020.

TUNTUNIN 3. PANGKALAHATANG PANUNTUNAN PARA SA COMMUNITY QUARANTINE BASE SA ZONING CLASSIFICATION. Ang sumusunod na panuntunan ang gagamitin base sa zoning classifications, para sa Critical Zone, Containment Zone, Buffer Zone at Areas Outside Buffer Zone.

Partikular	ECQ	MECQ	GCQ	MGCQ
PATUNGKOL SA PAGLABAS NG TAHANAN: Essential Workers / Frontliners/ APOR	PWEDE	PWEDE	PWEDE	PWEDE
Non-essential Workers	DI-PWEDE	DI-PWEDE	PWEDE	PWEDE
May edad 20 pababa at 60 pataas <i>Except: Emergency Cases</i>	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE
Mayroong IMMUNODEFICIENCY, COMMORBIDITY at iba pang kondisyong pangkalusugan <i>Except: Emergency Cases</i>	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE
Mga buntis <i>Except: Emergency Cases</i>	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE	PWEDE
WORK IN GOVERNMENT OFFICES	SKELETAL	SKELETAL	SKELETAL	100%
FACE-TO-FACE CLASSES	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE	PWEDE Online & Module
PAMIMILI: MARKET QUARANTINE PASS (1 Every Household) • RED Lunes-Miyerkules-Biyernes /5:00AM-5:00PM • WHITE MArtes-Huwebes-Sabado /5:00AM-5:00PM	GAGAMITIN	GAGAMITIN	GAGAMITIN	GAGAMITIN
TINDAHAN Sabay sa Market Day ng Barangay	BUKAS 5:00AM-3:00PM	BUKAS 5:00AM-3:00PM	BUKAS 5:00AM-3:00PM	BUKAS 5:00AM-3:00PM
MARKET DISINFECTION DAY	Linggo 1:00PM-5:00PM	Linggo 1:00PM-5:00PM	Linggo 1:00PM-5:00PM	Linggo 1:00PM-5:00PM
ALLOWED ACTIVITIES & BUSINESS:	Refer to CATEGORY I, II, III & IV of Community Quarantine EOs and DTI Issuances			
Internet and Computer Shops	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE	50% Only for work and educational purposes

Amusements/Other Personal Care/Pet Grooming/Entertainment Industries/Other Educational Support establishments/ Gym/Fitness Studios	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE	50%
TRANSPORTASYON: Traysikel Modified/1 Ang Sakay	DI-PWEDE	DI-PWEDE	PWEDE	PWEDE
JEEP/BUS Modified/50% Sakay	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE	PWEDE
MOTORCYCLE Modified/with Angkas	DI-PWEDE	DI-PWEDE	DI-PWEDE	PWEDE
PRIBADONG SASAKYAN	DI-PWEDE	DI-PWEDE	PWEDE	PWEDE
CURFEW	8:00PM-5:00AM	8:00PM-5:00AM	8:00PM-5:00AM	8:00PM-5:00AM
LIQUOR BAN <i>Refer to EQ No. 28</i>	DI-PWEDE	DI-PWEDE	PWEDE 12:00nn-3:00pm	PWEDE 12:00nn-3:00pm
MASS GATHERINGS	DI-PWEDE	PWEDE 5 – persons	PWEDE 10 – persons	PWEDE 50% capacity of venue
BOARDERS CONTROL CHECK POINTS	PNP-BRGY	PNP-BRGY	PNP-BRGY	PNP-AFP
CONSTRUCTIONS: Public/Government Projects	DI-PWEDE	PWEDE	PWEDE	PWEDE
Private Construction	DI-PWEDE	DI-PWEDE	PWEDE	PWEDE
FUNERAL WAKES: SUSPECTED & COVID POSITIVE	CREMATION W/IN 12 HOURS	CREMATION W/IN 12 HOURS	CREMATION W/IN 12 HOURS	CREMATION W/IN 12 HOURS
NON-COVID	CREMATION W/IN 12 HOURS	W/IN 2 DAYS	W/IN 2 DAYS	W/IN 3 DAYS
TRAVEL PASS/TRAVEL AUTHORITY	Health Certificate 14-Day Quarantine PNP TA	Health Certificate 14-Day Quarantine PNP TA	Health Certificate 14-Day Quarantine PNP TA	Health Certificate 14-Day Quarantine PNP TA

TUNTUNIN 4. LGU ASSISTANCE. Sa panahon ng ECQ, ang mga kinakailangang tulong ay maaaring isasagawa ng pamahalaan katulong ang Barangay:

- 4.1. Pagbibigay ng agarang ayuda para sa residenteng sumasailalim sa quarantine buhat sa pinagsamang resources ng Pamahalaang Bayan at Barangay.
- 4.2. Pagtatalaga ng mga masasakyan upang magamit ng mga residente kung may dagliang pangangailangan at kailangang lumabas ng tanahan. Maaari lamang makipag-ugnayan sa barangay at munisipyo sa pamamagitan ng kanilang mga hotlines.

TUNTUNIN 5. PAGLABAG AT KAPARUSAHAN O PENA. Ang sinumang tao o mga may-ari ng establisyimiento na napatunayang lumalabag sa probisyon ng kautusang ito ay dapat parusahan sa pamamagitan ng multang hanggang Dalawang Libo, Limang Daang

ay dapat parusahan sa pamamagitan ng multang hanggang Dalawang Libo, Limang Daang Piso (PhP2,500.00), tulad sa mga itinakda na nakapaloob na Ordinansang Pambayan, o di kaya ay iendorso sa lokal na kapulisan dahil sa paglabag sa mga pambansang batas o kautusan sa panahon ng pandemya.

TUNTUNIN 6. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

PINAGTIBAY ngayong ika-17 ng Hulyo, 2020 sa Bayan ng Bulakan.



VERGEL C. MENESES
Punong Bayan